Karapatan mo ang Pagboto. Protektahan ang Iyong Tining.
ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Ikaw ba'y may 18-taong gulang? Sitisen ng Amerika? Kung gayon may karapatan kang bumoto. Maging marunong at handa para makaboto sa darating na halalan. Ito ang 10 MADADALING PARAAN upang ika'y makasiguro na ang boto mo ay mabilang.

1. Magrehistro para bumoto
Karamihan ng huling araw upang magrehistro sa pagboto ay sa buwan ng Oktubre. Magrehistro para bumoto sa **www.voteforchange.com**.

2. Tiyakin na ikaw ay rehistradong bumoto sa iyong kasalukuyang lugar ng tirahan.
Tumawag sa lokal na opisina ng eleksyon para masigurado na walang problema sa iyong rehistro sa pagboto, lalo na kung ikaw ay bagong lipat, nagpalit ng pangalan, o kung hindi ka bumoto sa mga nakaraang eleksyon.

3. Bumoto ng maaga
May batas ang ilang 'state' na pumapayag sa maagang pagboto sa pamamagitan ng pagpunta sa lugar ng botohan at/o sa paghulog ng sulat. Alamin kung maari kang bumoto ng maaga. Ito rin ang iyong pahintulot na maka- volunteer sa Araw ng Eleksyon.

4. Alamin ang iyong tiyak na lugar ng pagboto
Tumawag sa lokal na opisina ng eleksyon para alamin kung saang presinto ka boboto at kung may mga bagong patakaran at mga kailangang ID. Maaaring magbago ang mga presinto at maaaring hindi mabilang ang boto sa maling lugar.

5. Magdala ng wastong I.D.
Alamin kung anong ID ang kailangan para bumoto sa iyong 'state'. Dalhin sa presinto ang iyong ID kung sakaling ito'y kailangan. Mas mabuti kung ang ID ay galing sa gobyerno (tulad ng lisensya o pasaporte) o ang 'bill' sa koryente o telepono, o 'paycheck stub' na nakalagay ang iyong pangalan at tirahan. Maaaring ibang ID and hingiin kung ito ang iyong unang pagkakataong bumoto.

6. Magsama ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya
Ayon sa batas 'federal,' maaaring kang magdala ng isang kaibigan upang magpaliwanag o mag-'translate' para sa iyo.

7. Huwag mag-atubili sa paghingi ng bagong balota sakaling ika'y magkamali
Ayon sa batas 'federal,' may karapatan kang humingi ng bagong balota kung sakaling ikaw ay magkamali.

8. Huwag umalis sa presinto hanggang ikaw ay makaboto.
Kung naantala ang iyong pagdating at nakapila ka na sa pagsara ng presinto, huwag kang umalis sa pila dahil karapatan mo ang bumoto.

9. Ano ang dapat mong gawin sakaling ialok sa iyo ang 'provisional ballot'
Maaaring sabihin sa iyo ng tauhan sa presinto na may problema sa iyong rehistro (tulad ng: wala ang iyong pangalan sa listahan ng mga botante) at ialok sa iyo ang 'provisional ballot'. Bago mo ito tanggapin, itanong mo, muna kung ikaw ay nasa tamang presinto. Kung wala ng ibang paraan, bumoto ka parin sa pamamgitan ng 'provisional ballot'.

10. Karapatan mo ang bumoto kahit na ano pa man ang iyong pananamit.
Karapatan mo ang pagboto kahit na ikaw ay nakasuot ng iyong natibo (ethnic) o relihiyosong pananamit. Mga ehemplo nito ay ang *Hejab, Sari* at *Turban*. At kahit na ikaw ay nakasuot ng damit na may nakatatak na Obama, dapat maari ka paring bumoto. Ang mga patakaran ay depende sa bawat state. Pero, sa kahit anong paraan hinding-hindi maari na maipagkait ang iyong karapatan ng bumoto. Ang pinaka-matindi na ipagawa sa iyo ay ang pag-tanggal mga Obama na butones o pag-suot ng jacket sa ibabaw ng iyong T-shirt.